International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 332-342

# Validity and Reliability of Literacy Aptitude Test for Incoming Grade 7 Students Based on SOLO Taxonomy

**STAR JEWEL M. DOCTOLERO**
Concepcion National High School
DepEd Koronadal City Division
starjewel.doctolero@deped.gov.ph

**GRACELYN C. ALTAYA, EdD**
Sultan Kudarat State University
gracelynaltaya@sksu.edu.ph

**Abstract**

This study aimed to examine the validity and reliability of the Literacy Aptitude Test for incoming Grade 7 students, based on SOLO Taxonomy, conducted in three public schools in the Division of Koronadal. The test assessed literacy in listening, reading, and viewing, and evaluated comprehension according to the five cognitive levels under SOLO Taxonomy. To measure consistency, the test-retest method was used, and content validity was confirmed through expert evaluation, utilizing the Content Validity Index (CVI) and face validity measures. Results revealed that students excelled in listening, while viewing was their weakest skill, indicating a need for further development in that area. Significant correlations were found between listening, reading, and viewing, suggesting that improvements in one skill support progress in others. However, the lower correlation for viewing highlights the need for targeted instructional reinforcement. The test demonstrated strong validity and reliability, supporting its use for evaluating literacy skills and guiding targeted interventions, particularly to strengthen viewing skills and promote balanced literacy development.

Keywords: Aptitude Test, Literacy, Listening, Reading, Reliability, SOLO Taxonomy, Validity, Viewing

## Balididiti At Relayabiliti ng Pagsusulit Aptityud sa Literasi ng mga Mag-Aaral na Papasok Sa Ikapitong Baitang Ayon Sa Solo Taxonomy

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang balididiti at relayabiliti ng Pagsusulit Aptityud para sa mga incoming na mag-aaral sa Ikapitong Baitang, batay sa SOLO Taxonomy, na isinagawa sa tatlong pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Koronadal. Ang pagsusulit ay sumusuri sa literasi sa pakikinig, pagbasa, at panonood, at tinatasa ang pag-unawa ayon sa limang antas ng kognitibo sa ilalim ng SOLO Taxonomy. Upang masukat ang konsistensi, ginamit ang test-retest na pamamaraan, at ang balididiti ng nilalaman ay kinumpirma sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga eksperto gamit ang Content Validity Index (CVI) at mga sukatan sa balididiti na lantad.

Ipinakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay namutawi sa kasanayan sa pakikinig, habang ang panonood ang kanilang pinakamahina na kasanayan, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa karagdagang pagpapalakas sa larangang ito. Nakita rin ang

makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pakikinig, pagbasa, at panonood, na nagsasabing ang pagpapabuti sa isang kasanayan ay nakatutulong sa pag-unlad ng iba. Gayunpaman, ang mababang ugnayan ng panonood ay nagpapakita ng pangangailangan para sa nakatutok na pampagtuturo na pagpapalakas.

Ipinakita ng pagsusulit ang malakas na balididiti at relayabiliti, na sumusuporta sa paggamit nito sa pagsusuri ng mga kasanayan sa literasi at sa paggabay ng mga nakatutok na interbensyon, partikular sa pagpapalakas ng kasanayan sa panonood at pagtataguyod ng balanseng pag-unlad sa literasi.

Mga Susing Salita: Balididiti, Literasi, Pagbasa, Pagsusulit Aptityud, Pakikinig, Panonood, ,
Relayabiliti, SOLO Taxonomy

**Panimula**

Ang kasanayang panliterasi na kinabibilangan ng pagbasa, pakikinig, at panonood ay mahalagang batayan ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Hindi sapat ang kakayahang bumasa at sumulat lamang; kinakailangan ding malinang ang kakayahan sa pag-unawa at pagsusuri sa iba't ibang anyo ng impormasyon. Ayon sa UNESCO (2020), humigit-kumulang 773 milyong kabataan at matatanda sa buong mundo ang hindi pa rin marunong bumasa at sumulat, samantalang ayon sa World Bank (2021), pinalala ng pandemya ang krisis sa literasi, lalo na sa mga bansang gaya ng Pilipinas. Mula sa datos ng PISA (2018), lumitaw na isa ang Pilipinas sa may pinakamababang marka sa *reading literacy*, isang malinaw na palatandaan ng pangangailangang pagtuunan ito ng pansin. Ayon pa sa DepEd (2019), maraming mag-aaral ang hindi nakaaabot sa batayang pamantayan ng literasi sa mga unang baitang.

Sa lokal na konteksto, napansin sa mga paaralan sa Lungsod ng Koronadal na maraming papasok na mag-aaral sa ikapitong baitang ang may kakulangan sa literasi (DepEd, 2022). Bagama't may mga umiiral nang programa, limitado ang epekto nito kung walang sapat na batayan o instrumento na susukat sa kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Karamihan sa mga naunang pag-aaral ay nakatuon lamang sa pagbasa at pagsusulat (Gonzales, 2018; DepEd, 2019), at may kakulangan sa mga instrumento na sumusukat sa mas malawak na dimensyon ng literasi gamit ang teoretikal na balangkas tulad ng SOLO Taxonomy (Biggs & Collis, 1982; Hook & Mills, 2012).

Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na bumuo at sumuri ng isang balido at maasahang pagsusulit aptityud na sumusukat sa kasanayan sa pagbasa, pakikinig, at panonood ng mga papasok na mag-aaral sa ikapitong baitang sa Lungsod ng Koronadal. Isinagawa ang pagbuo ng pagsusulit batay sa mga antas ng SOLO Taxonomy upang matiyak ang lalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong naririnig, binabasa, at pinanonood. Inaasahan na makatutulong ang resulta ng pananaliksik sa pagbuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at sa pagpapaunlad ng mga programang pang-edukasyon na tutugon sa kanilang aktuwal na pangangailangan.

**Paglalahad ng Suliranin**

Naglayon na masagutan ang sumusunod na tanong ang pananaliksik na ito:

1. Ano ang antas ng kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang pagdating sa pag-unawa ng mga babasahin sa Filipino batay sa:
    1.1. Pakikinig;
    1.2. Pagbasa, at
    1.3. Panonood?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral?
    2.1. Pakikinig;
    2.2.Pagbasa, at
    2.3. Panonood
3. Ano ang antas ng balidasyon ng nabuong pagsusulit pangkasanayan batay sa:
    3.1. Balidit ng Nilalaman; at
    3.2. Baliditi na Lantad?
4. Ano ang antas ng relayabiliti ng nabuong pagsusulit pangkasanayan sa Literasi ayon sa SOLO Taxonomy?

**Metodolohiya**

Ang pananaliksik ay isinagawa upang suriin ang kasanayan sa literasi ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang mula sa tatlong pampublikong paaralan sa Lungsod ng Koronadal. Ginamit ang test-retest reliability upang suriin ang konsistensi ng instrumento sa paglipas ng panahon, at ang pagsusulit ay isinagawa ng dalawang beses sa parehong grupo ng mga respondente.

Ang tatlong piling paaralan ay: Paaralan A (Koronadal Comprehensive High School), Paaralan B (Concepcion National High School), at Paaralan C (Bacongco National High School). Ang mga mag-aaral mula sa bawat paaralan ay pinili gamit ang cluster at stratified sampling.

Ang mga respondente ay 134 mag-aaral mula sa ikapitong baitang. Ang instrumento ng pananaliksik ay ang Pagsusulit Aptityud na may 80 aytem na sumusukat sa kasanayan sa pakikinig, pagbasa, at panonood batay sa SOLO Taxonomy. Ang pagsusulit ay isinailalim sa balidasyon gamit ang Content Validity Index (CVI), at ang reliyabilidad ay susuriin gamit ang Cronbach's Alpha.

Bago ang aktwal na pagsusuri, nakuha ang mga pahintulot mula sa mga kinauukulang tanggapan, at isinagawa ang pilot testing. Ang mga resulta ay ginamit upang isapinal ang 50-item na pagsusulit. Ginamit ang mean at standard deviation upang suriin ang kasanayan ng mga mag-aaral, at ang Pearson's r Correlation upang alamin ang relasyon ng mga kasanayan sa literasi.

**Presentasyon, Analisis at Interpretasyon ng mga Datos**

**Talahanayan 1. Antas ng Kakayahang Panliterasi ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang**

| Aspekto ng Literasi | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| Pakikinig | 19 | 16.21 | 1.74 | Mataas |
| Pagbasa | 17 | 15.33 | 0.09 | Katamtaman |
| Panonood | 14 | 12.28 | 0.88 | Mababa |
| Kabuoan | 50 | 14.61 | 0.90 | Katamtaman |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 332-342

Makikita sa Talahanayan 1 ang mean, SD, at deskripsiyon ng kasanayang panliterasi ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang pakikinig (M = 16.21, SD = 1.74), kasunod ang pagbasa (M = 15.33, SD = 0.09), at pinakamababa ang panonood (M = 12.28, SD = 0.88). Sa kabuuan, nasa katamtamang antas ang literasi (M = 14.61, SD = 0.90).

Ipinahihiwatig ng datos na mas bihasa ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa naririnig kaysa sa tekstuwal at biswal na impormasyon. Kinakailangang pag-ibayuhin ang kasanayan lalo na sa panonood, na nangangailangan ng mas mataas na antas ng pagsusuri. Ayon kina Dela Cruz at Ramos (2019), mahalaga ang pakikinig at pagbasa sa akademikong pagganap, habang ayon kina Santos at Villanueva (2020), nangangailangan ang panonood ng mas masinsing estratehiya sa pagtuturo.

**Talahanayan 2. Makabuluhang Ugnayan sa Antas ng Kakayahang Panliterasi ng mga Mag-aaral**

| Regression Statistics | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Aspekto | Pearson R | R-Squared | T-Value | P-Value | Deskripsiyon |
| Pakikinig | 0.821 | 0.674 | 18.54 | 0.0014 | Malakas na Ugnayan |
| Pagbasa | 0.718 | 0.5155 | 53.224 | 0.0000455 | Malakas na Ugnayan |
| Panonood | 0.632 | 0.3994 | 18.727 | 0.00000554 | Katamtamang Ugnayan |
| Kabuoan | 0.723667 | 0.529633 | 30.16367 | 0.00048368 | Malakas na Ugnayan |

*α= 0.05 level of significance*

Makikita sa Talahanayan 2 ang resulta ng pagsusuri ng ugnayan sa bawat antas ng pag-unawa. Sinusukat nito kung paano nauugnay ang kanilang antas ng kakayahang panliterasi sa lalim ng kanilang pagproseso ng impormasyon. Nakakuha ang pakikinig ng p-value na 0.0014 < 0.05, ang pagbasa ng 0.0000455 < 0.05, at ang panonood ng 0.00000554 < 0.05. Dahil ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05 level of significance, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga aspektong ito ng literasi at ng pangkalahatang kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral.

Ayon kay Paige, et al.(2024), may mahalagang papel ang kritikal na pag-iisip sa pag-unawa sa pagbasa, kung saan ang *induction at deduction* ay mahahalagang tagapagpahiwatig ng mas mataas na antas ng pag-unawa. Pinapakita ng kanilang pag-aaral na ang epektibong paggamit ng mas mataas na antas ng kognisyon ay nangangailangan ng kakayahang magproseso ng impormasyon nang malalim, hindi lamang sa pamamagitan ng tradisyunal na literasi kundi pati na rin sa kasanayang metakognitibo.

**Talahanayan 3. Ang Antas ng Balidasyon ng Nabuong Pagsusulit Aptityud batay sa Balidit ng Nilalaman**

| Aytem | E1 | E2 | E3 | E4 | E5 | E6 | Bilang | Item-Content Validity Index | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 2 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 5 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 6 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 7 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 8 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 9 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 10 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 11 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 12 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 13 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 14 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 15 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 16 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 17 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 18 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 19 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 20 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 21 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 22 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 23 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 24 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 25 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 26 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 27 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 28 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 29 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 332-342

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 31 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 32 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 33 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 34 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 35 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 36 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 37 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na makaugnayan |
| 38 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 39 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 40 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 41 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 42 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 43 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 44 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 45 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 46 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 47 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 48 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 49 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| 50 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na may kaugnayan |
| | | | | **Scale-CVI/Ave.** | | | | **1** | **Katanggap-tanggap** |
| | | | | **Total Agreement** | | | | **50** | |
| | | | | **S-CVI/UA** | | | | **1** | |

Makikita sa Talahanayan 3 ang antas ng balidasyon ng nabuong pagsusulit batay sa balidditi ng nilalaman. Lahat ng aytem sa pagsusulit ay may markang "Lubos na may kaugnayan", na may mean na 4 at S-CVI/UA na 1 patunay ng mataas at katanggap-tanggap na balidditi.Ipinapakita ng resulta na ang bawat aytem ay tumutugma sa layunin ng pagsusulit. Ang pag-apruba ng anim na eksperto ay nagpapalakas sa kredibilidad ng nilalaman. Ayon kina Garcia (2019) at Santos (2020), mahalaga ang content validity sa pagbuo ng makabuluhang pagsusulit at epektibong pagtuturo.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 332-342

**Talahanayan 4. Antas ng Balidasyon ng Nabuong Pagsusulit Aptityud Batay sa Balididiti na Lantad**

| Pamantayan | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| A. Kaangkupan | 3.88 | 0.20 | Lubos na may Kaugnayan |
| B. Nilalaman | 3.85 | 0.53 | Lubos na may Kaugnayan |
| C. Paglikha at Anyo | 3.90 | 0.40 | Lubos na may Kaugnayan |
| Pangkalahatang Kabuuan | 3.88 | 1.14 | Lubos na may Kaugnayan |

Mababakas sa Talahanayan 4 na batay sa balidasyon, ang nabuong Pagsusulit Aptityud ay may mataas na antas ng kaugnayan sa lahat ng pamantayan ng pagsusuri, na may pangkalahatang mean na 3.88 (SD = 1.14) at deskripsiyong Lubos na may Kaugnayan.Ipinapakita ng datos na ang pagsusulit na aptityud ay wasto at akma sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa SOLO Taxonomy. Nagtataglay ito ng kaangkupan, nilalaman, at anyo, na nagpapatunay sa pagiging angkop nito bilang pantaya ng kakayahan sa literasi. Ayon kina Biggs at Tang (2016), mahalaga ang isang balidong pagsusulit sa pagsusuri ng lalim ng pagkatuto. Kaugnay nito, natuklasan sa pag-aaral nina Anderson at Krathwohl (2017) na ang mga pagsusulit na may malinaw na estruktura batay sa isang taksonomiya ng pagkatuto, tulad ng SOLO Taxonomy, ay may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 5. Antas ng Relayabiliti ng nabuong Pagsusulit Pangkasanayan Ayon sa SOLO Taxonomy**

| Paaralan | Cronbach's Alpha | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1 | 0.800 | Mahusay na Relayabiliti |
| 2 | 0.803 | Mahusay na Relayabiliti |
| 3 | 0.810 | Mahusay na Relayabiliti |
| *Kabuoan* | 0.804 | Mahusay na Relayabilti |

Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang antas ng reliyabilidad ng nabuong pagsusulit pangkasanayan ayon sa SOLO Taxonomy. Ang pinakamataas na Cronbach's Alpha ay 0.810, habang ang pinakamababang halaga ay 0.800. Sa pangkalahatan, ang pagsusulit ay may average na 0.804, na nangangahulugang ito ay may mahusay na relayabilidad sa tatlong paaralang sinuri.

Ipinapahiwatig ng mga resulta na ang pagsusulit ay may matatag na *internal consistency*. Nangangahulugan na ang mga aytem nito ay may maayos na pagkakatugma sa isa't isa. Dahil dito, maaaring ituring na maaasahan ang pagsusulit bilang isang instrumento sa pagtatasa ng kasanayan ng mga mag-aaral.Ayon kina Tavakol at Dennick (2018), ang isang pagsusulit na may Cronbach's Alpha na 0.80 pataas ay itinuturing na may magandang reliyabilidad, na nangangahulugang epektibo ito sa paulit-ulit na pagsusuri ng kasanayan. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Field

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 332-342

(2017), na binigyan ng diin ang kahalagahan ng mataas na alpha coefficient bilang palatandaan ng isang maaasahan at balido na pagsusulit.

**Pagpapaliwanag sa Resulta ng Pag-aaral**

Batay sa Talahanayan 1, makikita ang malinaw na pagkakaiba ng antas ng kasanayang panliterasi ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa tatlong pangunahing aspekto—pakikinig, pagbasa, at panonood. Pinakamataas ang nakuha sa pakikinig na may mean na 16.21 (SD = 1.74) na may deskripsyong "Mataas," na nagpapakita na mahusay ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng impormasyon mula sa pandinig. Sumunod ay ang pagbasa na may mean na 15.33 (SD = 0.09) na nasa "Katamtamang" antas, na nagpapahiwatig na bagama't sapat ang kasanayan sa pag-unawa ng tekstuwal na impormasyon, may puwang pa para sa pagpapahusay. Samantala, pinakamababa ang nakuha ng panonood na may mean na 12.28 (SD = 0.88), na may deskripsyong "Mababa," at nangangailangan ng agarang interbensyon sa pagtuturo ng visual literacy. Sa kabuuan, nasa katamtamang antas (M = 14.61, SD = 0.90) ang literasi ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na bagama't may matibay na pundasyon ang mga mag-aaral sa pakikinig at pagbasa, kinakailangan pang pag-ibayuhin ang kasanayan sa panonood na mas kumplikado ang pagproseso dahil nangangailangan ito ng mas mataas na antas ng pagsusuri at interpretasyon. Kaakibat nito, sinang-ayunan nina Dela Cruz at Ramos (2019) na ang pakikinig at pagbasa ay pundamental sa akademikong tagumpay, habang sina Santos at Villanueva (2020) naman ay nagsasaad na ang visual literacy ay nangangailangan ng mas istratehikong pagtuturo upang mapaunlad.

Makikita sa Talahanayan 2 na lahat ng aspekto ng literasi ay may makabuluhang ugnayan sa pangkalahatang kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang ugnayan ng pakikinig (r = 0.821, p = 0.0014) at sinundan ng pagbasa (r = 0.718, p = 0.0000455), na parehong may deskripsyong "Malakas na Ugnayan." Ang panonood naman ay nakapagtala ng r = 0.632 (p = 0.00000554), na may deskripsyong "Katamtamang Ugnayan." Sa kabuuan, ang pangkalahatang antas ng literasi ay may r = 0.723667 (p = 0.00048368), na nagpapakita ng "Malakas na Ugnayan" sa pagproseso ng impormasyon. Ang lahat ng p-value ay mas mababa sa $\alpha = 0.05$, na nangangahulugang estadistikal na makabuluhan ang relasyon. Ipinapahiwatig ng mga datos na habang tumataas ang antas ng kasanayan sa literasi, tumataas din ang kakayahan ng mga mag-aaral na magproseso ng impormasyon sa mas mataas na antas. Katulad ng binanggit nina Paige et al. (2024), ang kritikal na pag-iisip—kasama ang induction at deduction—ay mahalagang sangkap upang makamit ang mas malalim na pag-unawa, at ito ay direktang naaapektuhan ng antas ng literasi.

Batay sa Talahanayan 3, malinaw na mataas ang content validity ng nabuong Pagsusulit Aptityud. Lahat ng 50 aytem ay tumanggap ng markang "Lubos na may kaugnayan" mula sa anim na eksperto, na may Item-Content Validity Index (I-CVI) at Scale-CVI/UA na parehong 1. Ipinapakita nito na ang bawat aytem ay akmang-akma sa layunin ng pagsusulit at nasusukat ang inaasahang kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon kina Garcia (2019) at Santos (2020), mahalaga ang mataas na antas ng content validity upang masiguro na ang pagsusulit ay may kaugnayan sa itinakdang layunin ng pagtuturo at epektibong nasusukat ang target na kasanayan.

Mula sa Talahanayan 4, makikita na ang pagsusulit ay nakapasa rin sa face validity o balididiti na lantad, na may pangkalahatang mean na 3.88 (SD = 1.14) at deskripsyong "Lubos na may

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 332-342

kaugnayan" sa tatlong pamantayan—kaangkupan (3.88), nilalaman (3.85), at paglikha/anyo (3.90). Ibig sabihin, bukod sa mataas na nilalaman, malinaw din at maayos ang anyo ng pagsusulit at akma ito sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral batay sa SOLO Taxonomy. Ang resulta ay sumasang-ayon sa pananaw nina Biggs at Tang (2016) at Anderson at Krathwohl (2017) na ang malinaw na estruktura ng pagsusulit batay sa isang taksonomiya ay mahalaga upang masuri ang lalim ng pagkatuto at masiguro ang validity ng instrumento.

Sa Talahanayan 5 naman, lumabas na ang pagsusulit ay may mahusay na reliyabilidad na may Cronbach's Alpha na nasa pagitan ng 0.800 at 0.810 para sa tatlong paaralang kalahok, at may pangkalahatang average na 0.804. Ayon kina Tavakol at Dennick (2018) at Field (2017), ang Alpha coefficient na $\geq 0.80$ ay indikasyon ng matatag na internal consistency, na nangangahulugang maaasahan ang pagsusulit sa paulit-ulit na paggamit. Ipinapahiwatig nito na ang mga aytem ay magkakaugnay at tumutugma sa iisang konstrukt na sinusukat, kaya't ito ay isang lehitimong instrumento para sa pagtatasa ng kasanayan sa literasi.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta mula sa limang talahanayan na: (1) may malinaw na lakas ang mga mag-aaral sa pakikinig, katamtamang kasanayan sa pagbasa, at kahinaan sa panonood na dapat tugunan; (2) may estadistikal na makabuluhang ugnayan ang literasi sa mas mataas na pagproseso ng impormasyon; at (3) ang nabuong pagsusulit ay may mataas na baliditi at reliyabilidad, kaya maaasahang gamitin bilang pantaya ng kasanayan sa literasi batay sa SOLO Taxonomy. Ang implikasyon nito ay malinaw: ang pagpapalakas ng mga kasanayan sa pagbasa at panonood, kasabay ng paggamit ng valid at reliable na pagsusulit, ay magbibigay-daan sa mas mataas na antas ng akademikong tagumpay at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

## Konklusyon

May kaalaman ang mga mag-aaral sa literasi, kung saan nakahihigit ang kanilang kasanayan sa pakikinig, subalit may hamon sila sa literasiyang panonood.

Nakitaan din ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pakikinig, pagbasa, at panonood sa pangkalahatang kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral, na nangangahulugang ang pag-unlad sa isa sa mga aspektong ito ay may kaugnayan sa pag-unlad ng iba pang kasanayan sa literasi. Sa kabila nito, ang panonood ay may bahagyang mas mababang ugnayan, na maaaring nagpapahiwatig na ito ay nangangailangan ng karagdagang pagsasanay upang maging kasing-epektibo ng iba pang kasanayan sa literasi.

Nakapasa naman sa baliditi ng nilalaman ang nabuong pagsusulit aptitude sa literasi, na nangangahulugang may kaugnayan at akma ang mga tanong sa layunin ng pagsusulit ayon sa pagtataya ng mga eksperto. Gayundin, nakapasa ito sa baliditi na lantad, na nagpapakita na malinaw, angkop, at epektibo ang pagsusulit batay sa pagsusuri ng mga guro at eksperto.
Bukod dito, matatag din ang konsistensi ng pagsusulit batay sa Cronbach's Alpha, na nagpapakita ng mataas na *internal consistency* ng mga aytem. Ang pagsusulit ay nagpakita rin ng mataas na test-retest reliability sa tatlong pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Koronadal, na nangangahulugan na ito ay maaasahan kahit sa magkakaibang panahon ng pagsubok.

**Sanggunian**

Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (2017). *A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives*. Pearson Education.

Biggs, J., & Collis, K. (1982). *Evaluating the Quality of Learning: The SOLO Taxonomy (Structure of the Observed Learning Outcome)*. Academic Press.

Biggs, J., & Tang, C. (2016). *Teaching for Quality Learning at University* (4th ed.). McGraw-Hill Education.

Dela Cruz, M., & Ramos, A. (2019). "Pakikinig at Pagbasa Bilang Batayan ng Akademikong Pagganap ng Mag-aaral." *Pambansang Komperensiya sa Filipino*. PNU

DepEd. (2019). *Philippine Education for All 2015 Review Report*. Department of Education.

DepEd. (2022). *Division Memorandum on Literacy Assessment in Junior High School*. Koronadal City Division.

Garcia, R. (2019). "Pagsusuri sa Balididiti ng Mga Instrumento sa Pagtuturo." *Philippine Journal of Education*, 92(1), 45–60.

Gonzales, L. (2018). "Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Batayang Edukasyon." *Languaging Journal*, 5(2), 31–45.

Heale, R., & Twycross, A. (2015). "Validity and reliability in quantitative studies." *Evidence-Based Nursing*, 18(3), 66–67. https://doi.org/10.1136/eb-2015-102129

Hook, P., & Mills, J. (2012). *Solo Taxonomy: A Guide for Schools*. HookED Publishing.

Lawshe, C. H. (1975). "A Quantitative Approach to Content Validity." *Personnel Psychology*, 28(4), 563–575. https://doi.org/10.1111/j.1744-6570.1975.tb01393.x

Paige, D., Smith, G., & Rasinski, T. (2024). "Reading Comprehension and Critical Thinking: Beyond the Basics." *Journal of Literacy Research*, 56(1), 13–35.

PISA. (2018). *Results from PISA 2018*. OECD Publishing. https://www.oecd.org/pisa/

Salkind, N. J. (2010). *Encyclopedia of Research Design*. SAGE Publications.

Santos, K. L. (2020). "Pag-unawa sa Panonood: Isang Hamon sa Makabagong Pedagohiya." *Dalumat: Journal of Interdisciplinary Studies*, 11(2), 77–91.

Santos, M. R., & Villanueva, D. M. (2020). "Panonood bilang Makrong Kasanayan sa K-12 Kurikulum." *Likhaan Journal of Contemporary Education*, 3(1), 102–118.

UNESCO. (2020). *Global Education Monitoring Report 2020: Inclusion and education – All means all*. UNESCO Publishing.

World Bank. (2021). *The State of Global Learning Poverty: 2021 Update*. World Bank Group.

Zamanzadeh, V., Ghahramanian, A., Rassouli, M., Abbaszadeh, A., Alavi-Majd, H., & Nikanfar, A. R. (2015). "Design and Implementation Content Validity Study: Development of an instrument for measuring Patient-Centered Communication." *Journal of Caring Sciences*, 4(2), 165–178. https://doi.org/10.15171/jcs.2015.017